

# Chapter One



**N**aiinis na muling tumanaw sa labas ng coffee shop si Jeene. Alas siete na ng gabi pero hindi pa rin dumadating ang boyfriend niya para sunduin siya. Tumawag ito kanina at sinabing sigurado itong masusundo siya galing sa trabaho nang araw na iyon.

Paubos na ang kapeng kanina pa niya iniinom, pero kahit text ay wala pa ulit siyang natatanggap mula sa nobyo. Ano pa nga ba ang aasahan niya? Kung bakit kasi pumayag pa siyang maghintay sa magaling na lalaki gayong may pakiramdam siyang makakalimutan na naman nito ang pangakong panunundo sa kanya dahil sa trabaho nito.

Hindi na lang siya sasabay sa rush hour at tatambay na lang muna siya rito sa coffee shop. Hindi na siya umaasang dadating pa ang hinihintay niya at ayaw na niya itong i-text o tawagan dahil lalo lamang siyang magtatagal.

“Bakit ba nagmamadali ka, Ethan? Saan ka ba pupunta?”

Napaligon si Jeene sa table na pinakamalapit sa table niya. Tatlong tao ang nakaupo roon. They looked like young, rich businessmen. Nasabi niya iyon dahil naka-suit pa ang mga ito. Plus, they were oozing with so much appeal. To describe them as handsome would be an understatement. Hindi kaya modelo ang mga ito at galing sa photoshoot? Matikas ang dating at mukhang yayamanin ang kutis. Pasimpleng tumingin siya sa mga nakapaligid na mesa at nahuli ang malalagkit na tingin na itinatapon ng mga babae sa grupo ng mga ito.

“May dadaanan pa kasi ako, Keith.”

Mukhang may dugong banyaga iyong nagsalita. Maputi ito. Pinagmasdan niya ang katapat ng tinawag nitong Keith. Singkit naman iyon at medyo kulot ang dulo ng may kahabaang buhok. He was like a ball of happy virus.

She couldn't see the third guy's face clearly

because he was reading a newspaper. Ang kalahati lang ng mukha nito at ang magulong buhok ang nakikita niya. But she could tell that he was gorgeous.

Inubos na niya ang kape at pilit na inignora ang grupo, pero hindi iyon naging madali. Dinig na dinig niya kasi ang masiglang usapan ng mga ito. Hindi pa rin umaalis iyong Ethan na mukhang kanina pa nagpaalam.

“Care for dinner before you leave?” narinig niyang tanong ng lalaking nagbabasa ng diyaryo. Baritono ang boses nito.

“Kakakain lang natin, Red. Nakalimutan mo na ba?”

Sa wakas ay ibinaba nito ang diyaryo at nakita niya ang mukha ng lalaki. Napalunok siya ng laway habang nakatitig dito.

He was breathtaking.

Pakiramdam ni Jeene ay nakakita siya ng isang fictional character sa katauhan nito. Magulo ang buhok nito, pero hindi iyon nakabawas sa angkin nitong kagwapuhan. Nakadagdag lang iyon sa dating nito.

Mukha ring matangkad ito. Kahit nakaupo ay halata niya iyon.

Nagrigodon ang kanyang dibdib nang

mapatingin ang lalaki sa kanyang gawi. Marahil ay naramdaman nito na may nakatitig dito. Hindi niya kaagad naialis ang mga mata. Tila siya nahipnotismo nang sandaling salubungin nito ang kanyang tingin.

Ano ba ang meron sa pwesto ng mga ito at tila naeengganyo siyang tumingin doon?

Parang kinakausap ang lalaki ng isang kasama nito, pero tila hindi ito nakikinig.

Nawala lang ang atensyon niya sa lalaki nang maramdaman niya ang marahang paghawak sa kanyang pisngi. Bumaling siya sa kanyang tagiliran at nakita niya ang nakangiting mukha ng nobyo.

“Kanina ka pa?” bungad nito.

Wala sa loob na napatango siya rito. Tumingin siyang muli sa lalaki sa kabilang mesa, pero hindi na ito nakatingin sa kanya. Nasa mga kasama na nito ang atensyon.

Bakit parang nanghihinayang siya na natapos ang *moment* nila?



“Lani, puwede bang i-inform mo ang Development Team na may meeting tayo this afternoon? Tumawag kasi ang isang kliyente natin at nanghihingi sila ng systems upgrade.”

“Okay, Ma’am Jeene. ’Yon lang po ba?”

Hinilot ni Jeene ang sentido at inaalala kung may kailangan pa ba siyang ipauna sa kanilang programmers.

She was a project manager in an IT company. In charge siya sa ilan sa mga programs na ginagamit sa malalaking hotels at iba pang kompanya na nagre-require ng sophisticated na computer system. Trabaho niya ang sumakit ang ulo sa pag-intindi sa mga systems at projects na ginawa, ginagawa at gagawin ng mga programmers. Minsan, pati programmers ay nagiging problema rin niya.

“Thanks. Tumawag din pala iyong representative ng *RML Tech*. Invited tayo sa bidding para mag-outsorce sa ibang malalaking kliyente nila,” imporma niya.

“Talaga, ma’am?”

Kilala ang *RML Tech* sa paggawa ng mga online games.

“Masyado ka yatang excited,” komento niya.

“Siyempre, ma’am. Hindi natin puwedeng palampasin ang chance na makilala ang may-ari ng *RML Tech*!” Parang gusto nitong tumili.

“Akala ko sa kompanya ka excited. Sa boss pala? Do you have a fetish for older men?”

“Kayo talaga, ma’am! Hindi dahil sa may boyfriend na kayo ay titigilan n’yo na ang pagtingin sa ibang kalahi ni Adan. Saka ang pagkaalam ko, iyong na-meet n’yo ay lolo ng current CEO. Hindi po ba?”

“Si Chairman Lorenzana nga ang na-meet ko.”

“Batang-bata pa iyong papalit sa kanya, ma’am. Si Mr. Red Lorenzana. Madalas siyang nafi-feature sa magazines. Siguro dahil guwapo at sobrang yaman. Pero successful din talagang businessman.”

*Red Lorenzana?* Hindi pamilyar sa kanya.

“Well, I suppose makikilala mo siya kung makukuha natin ang project na ‘to.” Ibinalik na niya ang atensyon sa monitor at nag-check ng mga e-mails.

“Kayo, ma’am, hindi ba kayo interesado na makilala siya?”

“Kailangan ba? Yayaman ba ako kapag naging interesado ako sa kanya?”

Ngumiti nang nakakaloko si Lani. “Puwede, ma’am. Malay mo naman magbago ang isip mo sa pakikisama sa jowa mo kapag nakita mo na si Mr. Lorenzana.”

Siya, hihiwalayan si Lexter? Malabo. Lahat

ng katangiang gusto niya sa isang lalaki ay taglay nito. Wala na siyang hahanapin pa. Kahit pa nga medyo nawawalan ito ng oras sa kanya nitong mga nakaraang araw.

“Sa ’yo na lang ang Red Lorenzanang ’yan, Lani. Kuntento na ako kay Lexter.”

Ngumiti nang hilaw ang assistant. “Sabi mo, ma’am, eh. Pero don’t close your door on change din po.”

Itinigil niya ang ginagawa at nailing na tumingin kay Lani. Hindi na bago sa kanya ang pasimpleng pag-ayaw nito sa boyfriend niyang si Lexter. Naging kaibigan na rin niya ang dalaga at direktang nasasabi nito na hindi raw swak si Lexter para sa kanya.

“Magtrabaho ka na, Lani. Pinapainit mo na naman ang ulo ko. Huwag mong kalimutan ang mga bilin ko sa ’yo.”

Sumaludo pa ito bago tuluyang umalis sa loob ng kanyang office.

Anim na taon na siya sa kompanya. Programmer siya nang pumasok doon. Pangatlong taon niya nang i-offer sa kanya ang posisyon bilang project manager. Mas challenging, pero mas toxic din ang trabaho.

Madalas ay gabi na siyang nakakauwi dahil

kailangan niyang bantayan ang deadline ng mga programmers. Iyong magagaling, madalas ay may topak. At kung kailan malapit na ang deadline, saka pa sinusumpong.

Naiintindihan niya dahil galing din siya sa ganoong posisyon. Lamang, trabaho naman niya ang nakataya pag hinayaan lang niya. Kailangan niyang siguruhin na pulido at maganda ang system bago i-deploy.

Abala siya sa paggawa ng proposal nang tumunog ang kanyang cellphone. Nakita niya ang pangalan ni Lexter sa cellphone screen. Kaagad niyang sinagot iyon.

“Hi, babe!” masiglang bati nito sa kanya. Dalawang taon na ang relasyon nila.

For her, Lexter was enough. Hindi niya kailangan ng perpektong lalaki. Hindi rin naman kasi siya perpekto.

“Hi!”

“I just called to tell you that I can’t join you for lunch today. May meeting kasi ako. Sorry, babe. Biglaan. Alam mo naman ang trabaho.”

*Na naman?* Ilang beses nang ganito ang nangyayari. Aayain siya nito na sabay daw silang kakain ng lunch pero minutes before lunch ay tatawag ito at ika-cancel iyon. Kung hindi may



lunch meeting, busy umano ito sa kung anong ginagawa sa opisina.

Malapit na siyang masanay sa set-up nilang ganoon.

“It’s fine. Ang totoo niyan, inaantay ko lang talaga ang tawag mo kasi alam ko nang hindi na naman matutuloy ang lunch natin. Sige, pakabusog ka sa lunch meeting mo,” sabi niya.

“Wait, babe. Galit ka ba?”

“Ako, galit? Ang saya ko nga.” Hindi na niya napigilan ang pagiging sarcastic.

Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito sa kabilang linya. Ito pa talaga ang may ganang bumuntong-hininga?

“I’m sorry, babe. Babawi ako sa ’yo. Promise.”

Ilang beses na rin niyang narinig ang mga salitang iyon. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ito nakakabawi at puro pambabasag ang ginagawa nito. Parang kulang na lang ay pakasalan na ni Lexter ang opisina nito sa sobrang pagkalulong sa trabaho. Pati nga ang pagsundo at paghatid sa kanya ay madalas na nitong hindi nagagawa.

“Sige na, Lexter, baka kailangan mo nang bumalik sa trabaho. May tatapusin lang ako at magla-lunch na ako,” matabang niyang saad.

“Susunduin na lang kita mamaya ’tapos sabay

tayong mag-dinner. Okay lang ba iyon?”

“Narinig ko na rin iyan n’ung isang araw, Lexter. Ayos lang ako at kaya kong umuwi mag-isa. Isa pa, magpahinga ka na lang mamaya pag-uwi mo.”

“O, sige. Thanks, babe. I’ll call you later. I love you.”

Nanggigigil na pinisil niya ang kanyang cellphone nang mawala sa kabilang linya ang kausap. Hindi man lang talaga siya pinilit ng lalaki! Hindi man lang nag-insist! Umaasa pa man din siya na kahit papaano ay gagawa ito ng paraan upang makita siya mamaya.

Sa puntong iyon ay naitanong ni Jeene sa sarili kung sapat pa rin ba si Lexter para sa kanya. Kontento pa rin ba siyang talaga? Dahil nag-uumpisa na siyang mairita rito at hindi na siya masaya sa pambabalewala ng lalaki.

# Chapter Two



Nayakap ni Jeene ang sarili dahil sa lamig na bumalot sa kanya paglabas ng office building. Kakatapos lang ng mahabang ulan kaya lumamig ang panahon. Para tuloy gusto niyang bumalik sa itaas para kunin ang jacket na iniwan niya sa upuan.

“Cold?”

Napapitlag siya nang marinig na may nagsalita sa kanyang tabi. Agad niyang sinino ito. Napatingala siya dahil matangkad ito. Nang masilayan niyang mabuti ang mukha nito, saka niya napagtanto na isa ito sa mga lalaking nakita niya sa coffee shop.

Hindi siya maaaring magkamali. Tandang-

tanda niya ang mukha nito, pati ang magulong buhok nito na tila walang ipinagbago.

Mas gwapo pala ito sa malapitan. At talagang nakakaengganyong pagmasdan.

“Medyo,” sagot niya nang mahanap ang dila. Hindi niya alam kung ano ang mayroon ang lalaki, pero parang nahihipnotismo siya sa mga mata nito.

“Here. Take this.”

Nagulat siya ng walang pasintabi nitong kinuha ang kanyang kamay at may inilagay roon. Jacket ang ibinigay nito.

“Oh. No, thank you—” nabiglang tanggi niya sa lalaki. Iniabot niya iyon dito, pero ngumiti lang ito.

And she found it sexy.

“Nilalamig ka na. It’s just a jacket anyway. Gentleman naman ako.”

Bago pa siya muling makapagsalita, nakalayo na ito. Nakarating na ito sa isang magarang sasakyang nakaparada sa harapan ng building nila. Wala sa sariling sinundan na lamang niya ito ng tingin.

Natagpuan niya ang sarili na pinapanood maging ang papalayo nitong sasakyan. Nang tuluyan nang mawala ang sasakyan sa kanyang

paningin, isinuot niya ang jacket na bigay nito. It was way too big for her.

“What a weird guy,” nailing na sabi niya sa sarili.

O mas weird ba siya dahil basta na lang talaga niya isinuot itong jacket ng lalaking di naman niya kakilala?

Sabagay, jacket nga lang naman iyon. Maliit na bagay.

Napangiti siya nang masamyo ang bangong jacket nito.

“Paano ko naman kaya ibabalik ’to?”



“Jeene, sa tingin mo ba okay na iyong proposal natin? Wala na bang kailangang baguhin? Kinakabahan kasi ako. Hindi kasi basta-basta ang mga kalaban natin sa project na ’to.”

Binilisan pa ni Jeene ang paglalakad at pinindot ang button ng elevator nang makarating sa harapan niyon.

“Anjo, stop being so paranoid. Ang isipin mo, kailangan nating makuha ang project na ’to.”

Bumukas ang elavator at pumasok na sila ni Anjo at ang dalawa pa nilang kasama. Schedule ngayon ng presentation nila para sa *RML Tech*. Handa naman sila, pero ang mga kasama niya

ay tila dinadaga. She couldn't blame them for being so nervous. Lugar pa lamang kasi ng *RML* ay nakaka-intimidate na.

“Hindi sa pagiging paranoid, Ma'am Jeene, pero kaya ba natin 'to?”

“Ano ba'ng gusto ninyong sabihin? Gusto n'yo bang bumaba na tayo at magsialis? We've been given a chance and all we need to do is to grab it. Anjo, team leader ka pa naman, dapat pinapalakas mo ang loob ng members mo,” saad niya.

Pati tuloy siya ay kinakabahan na rin. Pero determinado siyang makuha ang trabaho.

“Hi. We're from *WBE Nitro Cloud*. We will have a presentation today at eight.”

“Good morning, ma'am. Mr. Lorenzana is expecting you.”

“Mr. Lorenzana?” Ang alam niya ay si Mr. Jojo Saturno ang pinaka-head sa mga sasaksi sa presentation nila.

“Yes, ma'am, the CEO of *RML*.”

Narinig niya ang pagbubulungan ng mga kasama. Hindi naman nakapagtataka na gustuhin ng CEO na manood ng presentation. Dobleng pressure lang iyon para sa kanila.

“Kami ba ang unang magpi-present?” tanong

niya.

“Actually, you’re the fourth. The presentations started two days ago.” Iginiya sila ng babae sa isang bakanteng conference room. Nagpaalam din ito kaagad.

“Parang gusto kong himatayin, ma’am. Saluhin mo ako sakaling mahimatay ako pag nakita ko si Mr. Lorenzana, ha.”

Sinamaan niya ng tingin si Lani. Kasama niya rin kasi ang assistant. “Oras na himatayin ka, maghanap ka na ng ibang work. Itatatwa ka namin. Sasabihin namin di ka namin kilala.”

“Grabe ka talaga, Ma’am Jeene. Hindi ka man lang ba na-e-excite na makita ang yummy nilang CEO?”

“No,” she said flatly. Hindi siya ang magpe-present pero siguradong isa siya sa madalas na sasagot sa mga tanong na maaaring ibato sa kanila.

“Anjo, ikaw na ang bahalang mag-explain dito sa feasibility study.”

“Yes, Jeene. Kaya ko iyan.” Buti naman at parang lumakas ang loob nito kahit paano.

“Good.”

Ilang sandali pa ay bumukas ang pinto ng conference room. Iniluwa noon ang isang grupo

ng mga lalaki. Tumayo sila at hinarap ang mga ito.

“Hi. My name is Jojo and I’m the Head Technical Engineer here. You must be Miss Gabriel.” Inilahad nito ang kamay sa kanya.

Tinanggap iyon ni Jeene. “Yes, I’m Jeene Gabriel. Nice to meet you, Mr. Saturno. This is my team.” Ipinakilala niya rito ang mga kasama.

Nag-uumpisa nang magtanong ang team ni Jojo Saturno nang muling bumukas ang pinto ng conference room at pumasok ang isang matangkad na lalaki.

Napaawang ang mga labi ni Jeene nang mapagmasdan ito. Dere-derecho itong naglakad patungo sa kabilang panig ng conference room. Nakita niyang tumayo si Jojo nang masiglawan ang bagong dating, gayundin ang mga kasama nito. Tumayo rin ang katabi niyang si Lani at ang dalawa pa sa kaliwa niya.

“Sit down please,” sabi ng lalaki.

Nakaupo nang muli ang mga kasamahan niya bago pa nakakilos si Jeene.

“I instructed Jojo here to start without me,” patuloy ng lalaking nagpahiram sa kanya ng jacket. Wala pa ring ipinagbago ang buhok nito, magulo pa rin.



Hindi niya inaasahan na ito pala si Red Marco Lorenzana. Bakit nga ba nagmatigas siyang hindi alamin ang tungkol dito? Ngayon ay naiinis siya kay Lani. Lagi kasi nitong iginigiit at 'ibinebenta' sa kanya ang lalaki at dahil ayaw niyang magkaroon ng prejudice sa kliyente ay sinadya niyang hindi magbasa ng kahit ano tungkol dito.

Ipinakilala sila rito ni Jojo.

Saglit nitong pinasadahan ng tingin ang mga kagrupong niya at isa-isang binati. Kinabahan nang dumako ang titig nito sa kanya. Pakiramdam ni Jeene ay nagtagal ang tingin nito sa kanya.

Kinakalabit pala siya ni Lani. Napatingin siya rito. She cleared her throat and composed herself.

“Good morning, Mr. Lorenzana. We’re from *WBE Nitro Cloud*,” umpisa niya. “We were invited to present for this project. We look forward to working with you.”

Sumandal ito sa upuan at tila tumiim ang mga mata sa kanya. “How old are you?”

“Huh?” Hindi niya napigilan ang pagtaas ng kilay sa tanong ng lalaki. Maging ang mga kasama nila sa conference room ay tila hindi rin iyon inaasahan.

“How old are you?” ulit nito.

“I’m twenty-seven, sir.”

“Okay. Go on.” Itinuloy na niya ang pagsagot sa tanong ni Mr. Saturnino, na si Anjo ang sumasagot kanina. Naupo siya matapos sabihin na ang kasama nilang si Nisa ang magpapaliwanag tungkol sa flow ng program at iba pang technicalities.

Habang nagpapaliwanag si Nisa, napapatitig si Jeene kay Red. Prenteng nakaupo ito at tila nakikinig naman. He looked... bored. At hindi magandang senyales iyon. Hindi niya iyon nagustuhan. Parang hinihintay lamang nitong matapos na ang presentation.

“Why do we need your company for maintenance? Hindi ba puwedeng i-include na lang sa programs n’yo ang content management? Para kahit na ang mga empleyado ng kliyente namin ay puwede nang mag-maintain n’on kahit kailan nila gustuhin.”

She cleared her throat first before answering. “Sir, the content management is included in the systems that we’re offering. The maintenance that we’re referring to has to do with the hardware. Hindi po kasi natin masasabi kung kailan papalya ang mga servers. Hindi iyon

maiwasan. At wala pong bayad ang unang taon na maintenance namin.”

“Okay.”

Nakahinga siya nang maluwag na hindi na ito muling nagtanong. Ipinaubaya na nito sa mga kasamahan ang pagtatanong sa kanila. Natapos ang presentation na halos ma-drain ang enerhiya niya sa buong katawan.

Laking pasalamat ni Jeene nang sa wakas ay puwede na silang lumabas ng conference room. Bumaling siya sa CEO para sana magpaalam pero naunahan siya nito sa pagsasalita.

“Do you mind staying for a moment, Miss Gabriel? I want to discuss something else with you.” Tumingin ito kay Jojo at nagpaalam na ang huli. Nakaalis na ang mga kasamahan nito. Nag-text na lamang siya kay Lani na mauna na ang mga itong mag-lunch out sa restaurant na napagkasunduan nila. Sinabi niyang doon na lamang siya hintayin ng mga ito.

Pag-angat ng tingin niya mula sa pagte-text ay napansin ninang nakatitig sa kanya ang lalaki at tila hinihintay nitong lumapit siya. Dahil naaalangan siya sa sobrang tahimik ng conference room ay naglakad si Jeene papunta sa inuupuan nito.

“What is it that you wish to discuss further, sir? May ipapabago ba kayo sa—”

“Do you have an eye problem?”

“What?” Naguluhan siya.

Tumingala ito sa mukha niya matapos iikot ang upuan paharap sa kanya.

“You don’t wear eyeglasses. Are you wearing contacts?” Umiling siya. “So your vision is good?”

Tumango siya. “Malinaw po ang mata ko, sir. Ano po’ng problema?”

“Wala pa sa ngayon. Pero sa tingin ko, it’ll be your problem in the future.”

Ano ba ang sinasabi nito? Masyado na siyang nawiweirduhan sa kausap.

“Hindi ko maintindihan kung ano ang gusto ninyong sabihin, Mr. Lorenzana—”

“Red. Call me ‘Red.’”

*Bakit ba ang hilig mong putulin ang mga sasabihin ko?*

“Okay. Mr. Red—”

“Just ‘Red.’”

Humugot ng hininga si Jeene at kinalma ang sarili. “Red, hindi ko maintindihan kung ano ang gusto mong sabihin. May hindi ka ba nagustuhan sa presentation namin? Iyon lang ang dahilan kaya pumayag akong magpaiwan.”

“No. You did well on your presentation. I’m actually planning to sign the proposal later.”

Nagdiwang ang puso niya sa narinig. “Really?”

“Yes. Nagsasawa na akong makinig sa kung anu-anong proposal. I’m fine with your costing and timeline.”

Hindi siya masyadong natuwa sa rason nito sa pagpirma sa kanilang proposal, pero hindi na ito lugi sa *WBE*. “Hindi ka magsisisi, sir. You can completely rely on our services.”

“Yes, and it’s Red. Isang tawag mo pa sa akin ng ‘sir’ at babawiin ko ang desisyon ko,” babala nito.

Hindi ito seryoso. “Magpapalam na ako,” sabi niya. “Thank you.”

“By the way, Jeene, hindi ba talaga malabo ang mga mata mo?”

Napakunot ng noo niya sa tanong nito. Bakit ba ipinagpipilitan nito na malabo ang kanyang mga mata?

“Puwede bang deretsahin mo na lang ako?”

“Maganda ka. Madami akong single na kaibigan. Puwede ko silang ipakilala sa ‘yo.”

“Excuse me?” Teka lang. Bakit naman siya ipapakilala nito sa mga single na kaibigan nito? Akala ba nito ay desperada siyang magkaroon

ng nobyo?

“I’m sorry, pero may boyfriend na ako.”

“I know. Kaya nga gusto kitang ipakilala sa mga kaibigan ko. They are better than your boyfriend.”

Pakiramdam niya ay namanhid ang ulo niya sa sinabi ni Red.

“What do you—”

“Nagkita na tayo nang dalawang beses bago ito, Jeene. At nakita ko na rin ang boyfriend mo.”

Kung ganoon ay natatandaan siya nito. Hindi niya alam kung saan siya unang magre-react. Sa kaalaman ba na natatandaan siya nito o sa katotohanan na iniinsulto nito ang kanyang nobyo?

“I hope you don’t take this the wrong way, pero hindi ba kabastusan namang insultuhin mo ang nobyo ko?”

“I’m not insulting your boyfriend, Jeene. I’m stating a fact. I’m just a concerned citizen here. Ugali ko na talaga ’to.”

*Concerned citizen?* Bakit ba kung magsalita ito ay parang dehadong-dehado siya kay Lexter? Oo, maaaring hindi ito kasing-guwapo o kasing-tangkad ni Red at ng mga kaibigan nito na nakita niya sa coffee shop, pero hindi rin pahuhuli ang

kanyang nobyo.

“I really appreciate your concern, Red, but I’m not interested. And I’d like it if you’d keep your opinions to yourself. I find it offending.”

“I see. Love is really blind and you’re a living proof,” kaswal na sambit nito.

Hindi man lang niya ito nahimigan ng pagsisisi sa pang-iinsultong ginawa sa kanyang nobyo. Pinigilan niya ang pag-init ng ulo, lalo’t malaking kliyente ang kausap.

Isa ito sa dahilan kung bakit hindi siya nahilig sa mga guwapo. Impresyon niya, masyadong bilib ang ganoong lalaki sa sarili, akala mo ay kung sinong perpekto at kung manghamak ng iba ay basta na.

Gaya na lang nitong si Red. Guwapo na nga ubod pa ng yaman. Marahil ay halos pumutok na sa sobrang laki ang ego nito.

“Kung wala ka nang ibang tanong, aalis na ako. Sana hindi na magbago ang desisyon mo sa pagkuha sa services namin.”

“I won’t change my mind, but I hope that you’ll change yours. Go on, Miss Gabriel. It was nice meeting you and your team. Siya nga pala...” Tumigil ito saglit. “Pakidala ang jacket ko sa susunod nating pagkikita.”

“I will. Thank you ulit.”

Nagmamadaling lumabas siya sa conference room. Pagkalabas na pagkalabas ay tumuloy siya sa restroom sa floor na iyon. Nagngingitngit ang loob niya.

*Buwisit na lalaki! Akala mo kung sino!*

Napatingin siya sa repleksyon sa salamin. Hindi niya talaga maintindihan kung bakit ganoon ang sinabi ni Red. Hilig ba talaga nitong pakialaman ang buhay ng may buhay?

Kung tototohanin nito ang sinabing aaprubahan nito ang kanilang proposal, malamang ay mas madalas niya itong makikita. Hindi niya yata kayang pakisamahan ang isang iyon nang matagal.



# Chapter Three



**H**indi na alam ni Jeene kung ilang tao na ang napuri at nahusgahan niya sa pag-oobserba sa mga dumadaan sa labas ng coffee shop na kanyang kinaroroonan. Lunch break niya pero naisipan niyang sa coffee shop na lamang tumuloy. Tumawag kasi si Lexter kanina at inaya siyang kumain. Katulad ng inaasahan niya, hindi ito muling natuloy. Ang ending tuloy ay mag-isa siyang nagsisintir sa loob ng coffee shop habang kaulayaw ang kanyang kape.

Padalas nang padalas na ang hindi pagsipot ng kanyang nobyo sa kanilang mga lakad. Ayaw man niyang aminin, nababahala na siya sa nangyayari. Paano kung tuluyan na siyang

makalimutan ni Lexter dahil sa trabaho nito?

“Ma’am, may nagpapabigay po sa inyo.” Nawala ang atensyon niya sa labas ng coffee shop nang lumapit sa kanya ang isang waitress. Inilapag nito sa kanyang harapan ang clubhouse sandwich at red velvet cupcake.

“Sino?”

“Iyong gwapo po na iyon sa kabilang table,” tila kinikilig pang sagot ng waitress.

Sinundan niya ng tingin ang direksyong itinuturo ng waitress. Nakita niya si Red na abala sa pagbabasa ng diyaryo. Parang namumukhaan niya rin ang tatlo pang kasama nito. Malamang ay ang mga ito rin ang kagrupong ng lalaki nang una niya itong makita.

Bigla siyang nailang nang sabay-sabay na lumingon sa kanyang direksyon ang mga lalaki maliban kay Red. Binigyan siya ng tipid na ngiti ng mga ito, at kumaway pa ang isa.

“Salamat,” sabi niya sa waitress at malungkot na tiningnan ang pagkain. Mukhang masarap, pero wala siyang gana.

“Hi!”

Napapitlag siya at nag-angat ng tingin sa bumati sa kanya. Ito iyong narinig niyang tinawag na Madrigal dati.

“Yes?” simpleng tanong niya.

“I’m Keith Madrigal. You’re Miss Gabriel, right?” Inilahad nito ang kamay sa kanya.

Naengganyo siguro siya sa ngiti nito kaya tinanggap niya ang pakikipagkamay ng lalaki.

“Jeene na lang. Mukhang kilala mo naman na ako.”

“Yes. That lunatic over there told us about you. By the way, his name is Red.”

“Alam ko. Kliyente namin siya.”

“Cool. Akala ko nag-iimbento lamang siya. Anyway, napansin naming mag-isa ka lang. You’re welcome to join us. Hindi kami nangangagat.”

Hindi pa rin nawawala ang inis niya sa pang-iinsulto ni Red sa boyfriend niya kaya hangga’t maaari ay ayaw niya itong makaharap.

“No. Ayos lang ako rito. Aalis na rin naman ako mayamaya,” tanggi niya. “Salamat na lang.” Ayaw rin niyang makihalubilo sa mga kaibigan ni Red kahit na mukhang matino ang mga ito. Sigurado siyang hindi siya magiging komportable lalo’t alam niya ang ‘gusto’ ni Red na ireto siya sa isa sa mga kaibigan nito.

Tiningnan ni Keith ang pagkain sa kanyang harapan.

“Hindi mo man lang ba titikman iyang mga

in-order ni Red para sa 'yo? Bihirang manlibre ang isang iyon, ikaw rin. Sasabihin ko ba sa kanya na you thank him for the food?" Nakangiti pa rin sa kanya si Keith, pero alam niyang may laman ang sinasabi nito.

Sino ba kasi ang nagsabi kay Red na kailangan niya ng pagkain? Kung nagugutom siya, siguro naman ay naisip nito na kaya niyang bumili ng sariling pagkain.

"Sure. Thank him for me."

"Join us at our table and you can thank him yourself."

Mabilis na nagtawag si Keith ng waiter at ipinalipat ang kanyang pagkain sa table ng mga ito. Ilang sandali pa ay kaharap na niya ang apat na pinagpalang mga lalaki.

"Hi," alangang bati niya sa mga ito.

Ibinaba ni Red ang diyaryong binabasa at tinapunan siya ng tingin.

"Thank you," tipid niyang patungkol sa pagkain.

Nagkibit-balikat lang ito.

Ipinakilala siya ni Keith kina Vlad Gonzalde at Elric Villamar.

"Mabuti naman at pumayag kang lumapit dito, Jeene," ani Vlad.

Sumang-ayon si Elric at magiliw siyang kinakausap ng tatlo samantalang si Red ay tahimik lang.

“Pagpasensyahan mo na ’yang isang ’yan, Jeene. Nabitin kasi sa pagkain,” ani Elric na si Red ang tinutukoy.

Nginitian lamang niya ito. “We can share the food, Red. Hindi pa talaga ako nagugutom.”

Sinipat ng binata ang wristwatch bago tumingin sa kanya. “Ala una na. Are you on a stupid diet? Hindi maganda sa babae ang nagpapapayat. Nagmumukhang kawayan.”

Napamaang siya sa tinuran nito. Ang mga kasama naman nito ay napangiti.

“I agree. Ayoko rin sa babaeng sobra mag-diet. Nagmumukha kasing tuyot at kulang sa nutrisyon,” gatong ni Keith.

“Mukhang artifact na puwede nang i-display sa *National Museum*.”

Nagtawanan ang mga ito maliban kay Red. “Huwag mo silang pansinin. Just eat,” sa halip ay sabi sa kanya ng lalaki.

Hindi niya alam kung bakit pero napasunod siya ni Red. Nang muli siyang tumingin dito ay napansin niyang nabawasan ang pagkakakunot ng noo nito. He looked somehow pleased.

“Hoy, Red, sabihin mo lang kung nakakaistorbo na kami sa inyong dalawa. Madali naman kaming kausap. Puwede kaming umalis na at iwan kayo ni Jeene.”

Muntik na niyang maibuga ang iniinom na tubig sa sinabi ni Keith. Nagtawanan sina Vlad at Elric.

“Bakit ba ang daldal mo, Keith?”

“Ayos lang, gwapo naman.”

Ipinagpatuloy na lamang ni Jeene ang pagkain. Gusto na niyang makaalis. Alam naman niya ang agenda ni Red: ang ipakilala siya sa isa sa mga kaibigan nito. Pero ang mga kaibigan nito ay mukhang sa binata siya gustong ipareha.

“Umalis na nga kayo,” sabi ni Red sa mga kaibigan.

Napatingin siya sa binata at saktong tumingin din ito sa kanya. Una pa lamang nilang pagkikita ay ang mga mata na nito ang una niyang napansin.

It was as if his eyes were drawing her to him.

“Lumabas din ang gustong mangyari ni Pula!” banat ni Keith.

“Congrats, p’re,” sabi ni Vlad at tinapik pa ang balikat ni Red.

“Tara na! Kay Ethan na lang tayo tumambay.

Masyado nang kikita ang coffee shop na 'to, halos araw-araw tayo dito." Nagpaalam si Keith sa kanya at tumayo na.

Ganoon din ang ginawa ng dalawa pa nitong kasama.

"Ikaw na ang bahala kay Pula, Jeene," bilin ni Vlad.

"Lahat ba ng mga kaibigan mo ay weirdo?" baling niya ka Red nang makitang nakalabas na ang tatlo.

"Hindi ka na naman ba sinipot ng boyfriend mo?" balik nito sa halip na sagutin ang tanong niya.

Kaagad na nagsalubong ang kanyang mga kilay. Paano nito nalaman na hindi siya sinipot ni Lexter?

"Bakit ba lagi na lang ang boyfriend ko ang pinapakialaman mo? Wala ka bang ibang mapagtuunan ng pansin mo?"

Nagkibit-balikat ito. "Wala naman akong pakialam sa boyfriend mo."

Umirap si Jeene. Wala raw pakialam, pero mas may komento pa ito tungkol sa boyfriend niya kaysa sa trabaho nila. Hindi kaya berde ang dugo nito?

Sinipat niya ang kabuuan ni Red. With that

lean body and almost perfect face, could he be gay? Parang ang hirap paniwalaan na member ito ng pederasyon, pero iba na kasi ang panahon ngayon. Ang guwapo ay para na sa guwapo.

Paano nga kaya kung bakla ito? Madami sigurong babae ang magpapakamatay sa sama ng loob.

“Pinapatay mo na ba ako sa isip mo?” tanong nito matapos uminom sa coffee cup nito.

“Certainly not, Mr. Lorenzana.” Tumikhim siya. “Wala ka bang trabaho? Bakit parang ang dami mo naman yatang spare time para sa isang businessman?”

“Hindi naman ako malulugi kahit pa maglakwatsa ako paminsan-minsan.” Matiim itong tumingin sa kanya. “You’ve met some of my friends. Single silang tatlo. Wala ka bang nagustuhan sa kanila?”

Muling umarko ang kilay niya. Mag-uumpisa na naman yata ito sa panghahamak sa kanyang nobyo.

“Aanhin ko naman ang mga weirdo mong kaibigan? No offense, but they’re not my type.”

“Too bad. Anyway, ’wag mong ugaliing laging mag-antay sa boyfriend mo. Hindi kasi magandang tingnan na ang isang katulad mo



ay nag-aantay sa mukhang unggoy na iyon. Nagmumukha kang tanga. Maganda ka pa naman.”

Hindi alam ni Jeene kung matutuwa siya o magagalit sa sinabi nito. ‘*Maganda ka sana tanga ka lang*’ ang dating niyon sa kanya. Natagpuan niya ang sarili na nakatitig sa mukha ng kaharap.

Bakit parang lalo itong gumaguwapo?

“Huwag mo akong tingnan ng ganyan, Jeene. Baka isipin kong ako ang type mo.”

Umismid siya. “Excuse me, pero hindi rin kita type. At puwede ba, tigilan mo na ang panghihimasok sa love life ko? It’s not like we’re close.”

“Concerned citizen lang ako. Baka kasi kailangan mo ng wake up call. Hayaan mong ako ang magmulat sa mga mata mong nabubulagan sa lalaking iyon.”

Napailing si Jeene. The man was really unbelievable. “May gusto ka ba sa akin?” direktang tanong niya, wala nang maisip na dahilan kung bakit tila pinipilit siya nitong ‘palitan’ si Lexter.

Tiningnan siya ni Red. Nakaramdam siya ng pagkailang sa paraan ng pagtitig nito.

“Wala. You’re... a little *petite* for my taste.”

Ngayon, pati ang nananahimik niyang height ay pinupuntirya na rin nito. She's five feet and five inches tall! At bakit ba siya nagpupuyos dahil lang sinabi ng lalaki na hindi siya nito type?

"Hindi ako maliit!" gigil niyang sabi. Pagdating sa lalaking ito ay parang ang daling mag-init ng ulo niya.

"Right. At hindi rin ako matangkad," sarkastikong sagot nito.

Nawala ang sasabihin ni Jeene nang mahuli ang pilyong ngiti na pinipigilan ni Red.

Natulala yata siya. Hindi niya maintindihan ang pagkabog ng kanyang dibdib. She had never felt giddy over a smile before.

"Stop smirking!"

Umarko ang mga kilay nito at ngumiti na sa kanya. Muntik nang mapasinghap si Jeene.

"Why?" tanong ni Red.

"Mukha kang tanga. Hindi bagay sa 'yo."

It was a lie.

# Chapter Four



"Ma'am Jeene, dadaan lang ako sa restroom," paalam ni Lani sa kanya. Nasa *RML Tech* sila. Katatapos lang ng meeting nila sa team ni Jojo para sa first phase ng kanilang project.

Lumiko si Lani sa dulo ng pasilyo. Nagpasyang maghintay si Jeene sa isa sa mga upuan sa lobby sa palapag na iyon.

Wala siyang maipipintas sa building na pag-aari ng mga Lorenzana. Maayos. Malinis.

Napansin niya ang lalaking nakaharap sa isang console table sa kabilang dulo ng lobby. Nakatalikod ito sa kanya at tila kinukutingting ang kaharap na flower vase. Mukhang papalitan

nito ng mga bagong bulaklak ang bakante nang vase.

Naka-face mask ang lalaki at nakasuot pa ng parang lab coat na kulay puti. Nakita niyang dinampot nito ang maliit ng sprinkler sa kaliwa nito.

Natagpuan ni Jeene ang sarili na naglalakad palapit dito. Nakatutok ang lalaki sa ginagawa at mukhang hindi rin napansin ang presensya niya.

Kumunot ang kanyang noo nang tuluyang makalapit sa lalaki. Napatitig siya sa magulong buhok nito. Isa lang ang kilala niyang may ganoon kagulong buhok. Muli niyang sinipat ang kabuuan nito.

Hindi siya maaaring magkamali. Ito nga ang CEO ng RML.

“Hindi ko alam na mahilig ka pala sa bulaklak, Mr. Lorenzana,” agaw niya sa pansin nito nang mailagay na nito ang mga bulaklak sa vase. Sumulyap ito sa kanya bago muling binalingan ang ginagawa. Ini-spray-an nito ang mga bulaklak.

“I suppose may meeting kayo kay Jojo kaya ka nandito,” ang bungad nito sa kanya habang sinusubukang tanggalin ang face mask.

“Tapos na,” sabi niya.

Hindi nito iyon kaagad naalis dahil sumabit ang ilang hibla ng may kahabaan nitong buhok sa tali. Narinig niya ang mahinang pagmumura nito.

Bago pa niya nasita ang sarili ay tinutulungan na niya ito.

“Ako na nga. Yumuko ka nang kaunti. Ako na ang magtatanggal.”

Muntik nang mapaatras si Jeene nang lumevel ang mukha ni Red sa kanyang mukha. Sobrang lapit nito sa kanya at kitang-kita niya ang magagandang mata nito at ang perpektong ilong. Tila nang-aakit ang mapupulang labi nito. Nahigit niya ang hininga nang maamoy ang pabango ng lalaki.

Wala siguro talaga itong ibang kapintasan maliban sa pagiging arogante nito.

“Jeene,” untag nito.

Sukat doon ay iniabot niya rito ang tinanggal na face mask.

“Thanks,” he said. Minasaha nito ang gilid ng leeg. “Nakakangawit yumukod sa harap mo. Bakit ba kasi ang liit mo?”

“Kailangan ba talagang may kasamang panlalait ang pagpapasalamat mo?”

Nagkibit-balikat ito. “Panlalait ba ang tawag

sa pagsasabi ng totoo?”

Pinaikot ni Jeene ang mga mata. “Ano nga pala’ng ginagawa mo diyan? Bakit ikaw ang nag-aayos ng mga bulaklak sa vase?”

Pinagmasdan muli ni Red ang vase at ngumiti. Mukhang nasiyahan ito sa kinalabasan ng pakikialam nito sa mga bulaklak.

“Maganda ba?”

*Seryoso ba ito?*

“Oo.” Makulay kasi ang mga bulaklak at buhay na buhay.

“Magaganda talaga ang bulaklak sa flower shop ni Caitlin.”

“Caitlin? Girlfriend mo?” taas ang kilay na tanong niya rito.

Ngumiti ito nang tumingin sa kanya. Mabuti na lang at unti-unti na siyang nasasanay sa pang-commercial na ngiti nito. Tumatalon pa rin ang puso niya, pero hindi na iyong parang hindi siya halos makahinga.

“Nagseselos ka na ba niyan?”

Napamaang siya bago muling nakaimik. “What?”

“Biro lang. She’s my friend’s love interest. Madalas bumili ang kaibigan kong iyon ng bulaklak sa flower shop ni Caitlin kahit wala

talaga siyang pagbibigyan, makasilay lang. He's that crazy about her. Minsan, ako ang nakikinabang sa mga bulaklak na binibili niya."

Naglakad na ito palayo at hindi niya alam kung bakit sumunod siya rito.

"I think your friends are crazy, period." *Pati ikaw.*

"Maybe. But you have to admit, people tend to do crazy things when they're in love."

Tumapat si Red sa harap ng isang glass-enclosed bulletin board. Sinalat nito iyon gamit ang isang daliri. Sinipat nito ang daliri at pagkuwa'y may inilabas na basahan mula sa bulsa ng coat na suot. Sinimulan nitong punasan ang salamin.

"Mukhang nakaligtaan ito ni Mang Arthur."

Gusto niyang mapailing. Wala bang mas urgent na trabaho ang lalaking ito? Pagkakamalan niya itong utility supervisor sa pinagkakaabalahan nito.

"Palagi mo bang pinapakialaman ang gawain ng mga janitor dito?" Ano naman kaya ang susunod na lilinisin nito? CR?

"Ginagawa ko lang ito kapag may iniisip ako. Hindi naman ito nakakabawas sa gandang lalaki ko."

Gusto niyang mapailing. But this side of him was really unexpected.

“So, madalas mong ginagawa ito?”

“Just when I’m feeling bored or overworked. Alam mo ba minsan, nautusan ako ni Mang Arthur na maglabas ng basura?”

Natawa na lang si Jeene. “That was epic.” Sumeryoso rin siya kaagad. “Sana naman ipinaalam mo na sa kanyang ikaw ang CEO. You do know it’s cruel when you don’t tell people who you really are.”

Ibinalik ni Red ang basahan sa bulsa nito.

“Oo naman. Hindi ko lang makalimutan iyong reaksyon ni Mang Arthur nang malaman niya na ang CEO ang pinagtapon niya ng basura nang araw na iyon.”

Hindi niya alam kung mayroon pa siyang makikilalang tao na hindi mamasamain ang pag-uutos dito ng isang makokonsiderang nasa mas mababang posisyon. Si Red lang yata ang boss na makakahanap ng humor sa ganoong sitwasyon. Iyong iba nga na hindi naman boss, akala mo bumaba na nang husto ang pagkatao pag nautusan o napakiusapang gumawa ng hindi saklaw ng trabaho.

“I’m sure hindi na niya iyon inulit,”



nakangiting saad ni Jeene. Parang gumaan nang husto ang loob niya rito. Hindi naman pala ito totoong mayabang.

“Kumain ka na ba?” tanong nito sa kanya.

Umiling siya.

“Mabuti. Sumabay ka na sa akin. Nagutom ako sa ginawa ko.”

Nagulat pa siya nang lumapat sa ibaba ng kanyang likod ang kamay ni Red. Iginiya siya papasok sa elevator.

Paglabas doon ay tumuloy sila sa office nito. Binati sila ng malamang ay secretary ng lalaki.

“Mary, magpa-deliver ka ng pagkain please,” sabi ni Red dito. “The usual.”

“Sir, paano po ang girlfriend n’yo?” Nginitian siya ni Mary.

Tila nagulat na bumaling si Red sa kanya. Nakalimutan ba nitong inimbitahan siya nito o nagulat ito dahil inakala ng secretary na girlfriend siya nito?

“May gusto ka bang kainin?”

“Kahit ano.” Hindi siya mapili sa pagkain.

“Kahit galing sa fast food resto, ma’am?” tanong ni Mary.

Parehong nakatuon sa kanya ang mga mata ng dalawa.

“Ayos lang. Large fries, ha.”

Nahuli niya ang pagbungisngis ni Mary. Napatingin siya kay Red at nakita ang pagngiti nito. Ano ba ang mayroon sa sinabi niya?

“Iyon lang, ma’am?”

“Two-piece *Chicken Joy* kung sa *Jollibee*. Thank you, Mary.”

Lumiwanag ang ngiti ni Mary at bumaling ito kay Red. “Saan n’yo siya nakuha, sir?”

“Diyan lang sa baba. Sige na. Pakidala na lang sa loob, Mary. Thanks.” Iyon lamang at pinauna na siya ni Red papasok sa opisina nito bago ito sumunod. Dumerecho ito sa tingin niya ay bathroom sa silid.

Inilibot niya ang tingin sa loob ng opisina nito. May malaking bookshelf na nakasandal sa pader sa kaliwa.

“Sit down, Jeene.” Naupo ang lalaki sa executive chair nito. Napansin niyang nakapagbihis na ito.

“Ang laki ng opisina mo,” sabi niya at naupo sa couch sa tapat nito. “Dito ka ba nakatira? May walk-in closet ka ba rito?”

“May ilang damit ako dito, pero hindi ko ugaling tumira sa opisina. My home is my haven.” Sumandal ito sa upuan at itinuon ang mga mata

sa kanya.

Nakadama siya ng pagkailang sa paraan ng pagtitig kaya laking pasalamat niya nang may kumatok at pagkuwa'y pumasok si Mary dala ang isang malaking paper bag.

Napangisi siya nang maamoy ang masarap na pagkain. Sa ganda ng pangangatawan ni Red, hindi siya naniniwala na regular 'diet' nito ang fast food.

Tumayo ito at sinalubong si Mary upang kunin ang supot ng pagkain. Muli silang nagpasalamat sa babae bago ito lumabas.

Pumuwesto si Red sa kabilang dulo ng sofa at pinagmasdan niya ito habang inihahanda nito ang kanilang pagkain sa mesita sa unahan nila. Hindi niya alam kung bakit pero natutuwa siyang pagmasdan ang lalaki.

Nagpaalam siya sandali na makikigamit ng restroom para maglinis ng kamay.

"Food's ready," sabi nito paglabas niya.

Agad naman siyang tumalima at unang binuklat ang box na may fried chicken. Iyong leg part ang una niyang sinunggaban. Inabutan siya ni Red ng inumin.

"Hindi mo ba alam na masama sa katawan ang fast food?" tanong niya kay Red nang patapos

na silang kumain.

“Nasa tamang pagkokontrol iyan.” Kumuha ito ng dalawang pirasong fries at isinubo sa kanya. Nag-alangan pa siyang tanggapin iyon pero kinagat na rin niya.

“Bakit parang ang bait mo yata ngayon?”

Uminom muna ito bago sumagot. “Mabait talaga ako. Kaya nga concerned ako sa 'yo.”

Ganoon ba? Kaya ba gusto nitong hiwalayan niya ang kanyang boyfriend? Ibinaba na ni Jeene ang box ng ubos nang pagkain.

“What do you have against Lexter?”

“Is that his name? I didn't know that monkey has a name.”

Hindi niya pinansin ang patutsada nito. “May alam ka ba kay Lexter na hindi ko alam? Bakit ba pakiramdam ko ang laki ng galit mo sa kanya?”

Ibinaba nito ang hawak na inumin at tumingin sa kanya. “I don't hate him. I told you, I'm just a concerned citizen. Ayoko lang makakita ng mga taong naagrabyado.”

“At sa tingin mo naagrabyado ako?”

“Hindi ba? Mukha pa lang ng lalaking iyon ay agrabyado ka na. Ano ba ang nakita mo doon?”

“Siguro kasi hindi siya mapanghusga na katulad mo,” inis nang sabi niya rito. Lagi na

lang ganito ang kinahihinatnan ng kanilang pag-uusap sa tuwing nasasali ang kanyang nobyo. Sa pagkakaalam niya, walang ginagawang masama si Lexter kay Red.

“Hindi ko siya hinuhusgahan. Sa ’yo lang ako nakatingin.”

Nalaglag ang fries na sana ay isusubo niya. Ano ang ibig nitong sabihin na sa kanya lang ito nakatingin? Nagririgodon ang kanyang puso na parang gustong lumabas mula sa kanyang dibdib.

Nang subukan niyang uminom ay nasamid naman siya.

“Are you okay?” narinig niyang tanong ng binata.

Tumango si Jeene at hinanap ang panyo sa kanyang bag.

Saka lang niya napagtuunan ang phone na naka-silent mode. May ilang missed calls na at text messages mula kay Lani. Mukhang kanina pa siya hinahanap nito. Akala raw nito ay umuna na siya sa opisina kaya dumerecho na ito roon.

Napabuntong-hiningang nag-text siya sa assistant. Kaya pala pakiramdam niya kanina ay may nakalimutan siya. Nang makita kasi niya ang lalaking ito ay lumipad na yata ang isip niya.